# Impormasyon sa Batas para sa Tulong sa mga Biktima Opferhilfegesetz (OHG)

Ang impormasyong ito ay tugon sa mga kababaihang dumanas ng pisikal at / o di kaya'y sikolohikal na karahasan mula sa kanilang asawa, kasama o nakasama sa buhay, lalaki man o babae.

**Pangkalahatang Karapatan**

- Bilang babaeng naging biktima o napinsala, maari kang pumili ng opisinang nais mong magbigay sa iyo ng tulong at payo, sa pamamagitan ng mga kilalang opisina ng Opferhilfe ng kanton. May karapatan kang humiling ng payong pambatas, pansosyal, at pansikolohikal.
- Ang serbisyo ng opisinang ito ay walang bayad. Ang mga nagpapayo ay tumutugon sa lihim na pampropesyonal. Ang hiling ng suporta ay malaya sa anumang paratang na kriminal.
- Batay sa pampinansiyang kalagayan, maaring magbigay nang **ambag na gastos** sa pamamagitan ng Opferhilfe para sa **pangatlong tulong na serbisyo** (halimbawa gastos para sa terapiya, gastos para sa bahay-takbuhan, at iba pa).
- Sa ilalim ng takdang kondisyon sa loob ng limang taon magmula nang huling pangyayari, maari kang humiling ng **kabayaran** (halimbawa, ang kabayaran sa pagkawalan ng trabaho) at **bayad-pinsala.** Ang takdang ito ay umiiral sa mga salang nagawa magmula ng ika-1 ng Enero 2007.

**Sa mga oras nang paglilitis, may karapatan kang**:

- Magpasama sa isang taong-katiwala sa mga pagtatanong na ginagawa ng pulisiya at mga imbestigador ng awtoridad.
- Humiling na wala ang nasasakdal sa mga pagtatanong na ginaganap
- Tumangging magpahayag sa mga tanong tungkol sa pribadong bahagi ng katawan
- Humiling na ipahatid sa iyo ang mahahalagang pasya, halimbawa, ang paglabas mula sa bilangguan, pagpapawalang bisa sa pagbabawal sa pakikipag-ugnayan, at iba pa

**Kung ikaw ay sekswal na ginamitan ng karahasan, ikaw ay may karagdagang karapatan na:**

- Humiling, na sa mga pagtatanong ng pulisiya at imbestigador ng awtoridad gayundin ang anumang pagsasalin sa wika sa mga pagtatanong, ay ginagawa ng babae
- Humiling, na hindi kaharap ang nasasakdal sa loob ng buong paglilitis.
- Humiling, na ang paglilitis sa hukuman ay hindi bukas sa madla.

BIF Beratungsstelle für Frauen
gegen Gewalt in Ehe und Partnerschaft

Tel. 044 278 99 99
bif-frauenberatung.ch